# Protokol para sa mga Tindahan ng Groseri (Grocery Stores) at mga Pamilihan ng Tinging Pagkain (Retail Food Markets): Appendix B-1

## Epektibong Petsa: 12:01 ng umaga Huwebes, Mayo 6, 2021

Retirado - Wala ng Epekto

**Kamakailang mga Pagbabago:** (Mga pagbabago ay naka-highlight ng dilaw)
**5/5/21:**

- Ang mga inaatas/kinakailangan ay nabago na para ihanay sa patnubay sa paglilinis ng CDC
- Ang lengguwahe para sa bayad na bakasyon dahil sa pagkakasakit ay nabago na para ipakita ang mga pagbabago sa mga batas ng estado sa bayad na bakasyon dahil sa pagkakasakit.

Ang mga rate ng kaso, mga pagpapaospital, at mga kamatayan ng COVID-19 ay bumaba na sa ilan at tila matatag na, ngunit ang COVID-19 ay patuloy na nagbabadya ng mataas na panganib sa mga komunidad at inaatasan ang lahat ng mga tao at mga negosyo na gumawa ng mga pag-iingat at baguhin ang mga operasyon at aktibidad para bawasan ang panganib ng pagkalat.

Dahil sa ang Los Angeles County ay pumapasok sa "Dilaw na Tier" (Yellow Tier) ng Plano ng Estado para sa isang balangkas ng Mas Ligtas na Ekonomiya (State's Blueprint for a Safer Economy framework), ang protokol na ito ay nabago para iangat ang ilang mga paghihigpit na partikular sa lokal na aktibidad. Ang mga Tindahan ng Groseri (Grocery Stores) at mga Pamilihan ng Tinging Pagkain (Retail Food Markets) ay dapat na magpatuloy ng may pag-iingat at sumunod sa mga inaatas sa protokol na ito para bawasan ang potensyal na pagkalat ng COVID-19 sa loob ng kanilang mga operasyon ng negosyo.

Ang mga kinakailangan sa ibaba ay partikular sa mga pamilihan ng tinging pagkain, kabilang ngunit hindi limitado sa mga tindahan ng groseri, mga convenience stores, mga tindahan ng alak at iba pang mga lugar ng tingian na nagbebenta ng mga produkto ng pagkain o inumin at may pahintulot ng kalusugan na inilabas ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (Department of Public Health) bilang isang Tinging Pamilihan ng Pagkain (Food Market Retail). Bilang karagdagan sa mga kondisyong ipinataw ng Gobernador sa mga partikular na negosyo ng tingi na ito, ang mga uri ng negosyong ito ay dapat rin na sumunod sa mga kondisyon na inaatas ng protokol ng County na ito.

Sa lahat ng oras, ang lahat ng mga negosyo na may pahintulot ng pampublikong kalusugan bilang isang pamilihan ng tinging pagkain, ay dapat na limitahan ang kanilang pag-okupa sa 75% upang matiyak na ang mga empleyado at mga kostumer ay nagagawang magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang pisikal na pagdistansya mula sa mga indibidwal na hindi mga miyembro ng kanilang sambahayan.
Para sa mga layunin ng isang groseri, ang protokol na ito ay nalalapat sa lahat ng mga departamento sa loob ng pamilihan ng tinging pagkain, tulad ng pangkalahatang paninda (general merchandise), ani (produce), pagtitinda ng bulaklak (florist), karne, deli, at tinapayan (bakery). Ang mga Pamilihan ng Tinging Pagkain ay maaaring kailanganin rin na sumunod sa sumusunod na patnubay:

- ❑ Mga Protokol ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (Public Health o DPH) para sa mga Restawran: gayunpaman, walang pagkain ang maaaring "bitbitin" ("to-go") mula sa restawran at konsumuhin sa loob ng pamilihan ng tinging pagkain maliban sa mga itinalagang lugar ng kainan, kung naaangkop.

Bilang karagdagan, ang alinmang independiyenteng gumaganang negosyo na matatagpuan sa loob ng nasasakupang lugar (premises) ng Pamilihan ng Tinging Pagkain ay inaatasan na sumunod sa naaangkop na protokol para sa kanilang negosyo.

Mangyaring tandaan: Maaaring baguhin ang dokumentong ito habang may mga karagdagang impormasyon at sanggunian na makukuha (resources) kung kaya't regular na tingnan ang website ng LA County http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/ para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito.

Ang listahang ito ay sumasaklaw sa mga:

(1) Mga patakaran at mga kasanayan sa mga lugar ng trabaho upang maprotektahan ang kalusugan ng mga manggagawa

(2) Mga hakbang upang masiguro ang pisikal na pagdidistansiya

(3) Mga hakbang upang masiguro ang pagkontrol sa impeksyon

(4) Pakikipag-usap sa mga manggagawa at sa publiko

(5) Mga hakbang para masiguro ang pantay-pantay na access sa mga kritikal na serbisyo.

Ang limang pangunahin na aspetong na ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng iyong pasilidad ang anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

**Lahat ng mga negosyo na sakop ng gabay na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng nararapat na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung hindi ipinatupad ang isang hakbang na hindi naaangkop sa nasabing negosyo.**

**Pangalan ng Negosyo:** ______________________________

**Address ng Pasilidad:** ______________________________

**Pinakamarami na Pag-okupa para sa lahat ng mga Pamilihan ng Tinging Pagkain (Retail Food Markets) na sumasailalim sa Protokol na ito batay sa 75% Kapasidad:** ______________________________

**Petsa ng Pagpaskil:** ______________________________

## A. MGA PATAKARAN AT MGA KASANAYAN SA MGA LUGAR NG TRABAHO UPANG MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG MANGGAGAWA (I-TSEK ANG LAHAT NG NAAANGKOP SA PASILIDAD)

- ❑ Lahat ng maaaring gawin ang kanilang trabaho mula sa bahay ay inatasan na gawin ito.
- ❑ Hangga't maaari ang mga mahihinang kawani (mga taong mas higit pa sa 65 ang edad, mga taong may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay binigyan ng trabaho na maaaring gawin mula sa bahay.
- ❑ Ang lahat ng mga empleyado ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung sila ay may sakit. Naiintindihan ng mga empleyado na sumunod sa patnubay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para sa sariling pagbubukod, kung naaangkop. Ang mga patakaran para sa bakasyon sa trabaho ay sinuri na at binago para masiguro na ang mga empleyado ay hindi parurusahan kapag sila ay nanatili sa bahay dahil sa sakit.
- ❑ Ang mga pagsusuri sa pasukan (entry screenings) ay isinasagawa bago maaaring pumasok sa lugar ng trabaho ang mga empleyado, alinsunod sa [gabay sa Pagsusuri sa Pasukan] ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan. Kasama sa pagsusuri ay ang pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at pag-quarantine. Ang mga check-in na ito ay maaaring gawin nang malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.
  - Negatibong Pagsusuri (Na-clear). Kung ang tao ay walang (mga) sintomas at walang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw, maaari silang payagang pumasok para sa araw na iyon.

Retirado - Wala ng Epekto

Retirado - Walang Epekto

- Positibong Pagsusuri (Hindi Na-clear):
  - Kung ang tao ay hindi ganap na nabakunahan[1] laban sa COVID-19 at nagkaroon ng isang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pag-quarantine, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para mag-quarantine sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pag-quarantine na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidquarantine.
  - Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anuman sa mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para magbukod sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidisolation.

- ❑ Ang mga manggagawa ay pinagkalooban ng impormasyon sa mga benepisyo ng bakasyon na tinaguyod ng amo (employer) o gobyerno na maaaring makatanggap ang empleyado para makatulong sa pinansyal habang nananatili sa bahay. Tingnan ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID19, kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga bakasyon dahil sa pagkakasakit sa ilalim ng 2021 COVID-19 Supplemental Paid Sick Leave Law
- ❑ Ang mga proseso ng trabaho ay isinaayos sa pinakaposibleng paraan upang madagdagan ang mga pagkakataon para sa mga empleyado na makapagtrabaho mula sa bahay.
- ❑ Kung naipaalam na isa o ilan sa mga empleyado ay positibo o may sintomas na katulad ng COVID-19 (kaso), ang amo (employer) ay may plano o protokol na nakahanda na ipatupad upang abisuhan ang mga may kaso na ibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at gawin ang kinakailangan na agarang pag-quarantine sa sarili ng lahat ng mga empleyado na nalantad sa mga kaso sa lugar ng trabaho. Ang plano ng amo (employer) ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga naka-quarantine na empleyado na magkaroon ng akses o masuri sa COVID-19 upang matukoy kung mayroon pang karagdagang pagkakalantad sa lugar ng trabaho, na maaaring kailanganin ng karagdagang hakbang sa pagkontrol ng COVID-19. Tingnan ang gabay ng pampublikong kalusugan sa pagtugon sa COVID-19 sa lugar ng trabaho.
- ❑ Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ay natukoy sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang amo/employer ay dapat na iulat ang kumpol na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821 o online sa www.redcap.link/covidreport. Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay pasisimulan ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkakaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal at partikular sa lugar na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala sa kaso ng pampublikong kalusugan ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad. Kakailanganin ng pampublikong kalusugan ang agarang kooperasyon ng pasilidad para tukuyin kung ang kumpol ng mga kaso ay bumubuo sa isang pagkalat ng COVID-19.
- ❑ Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, ng walang gagastusin, ng isang naaangkop na maskara sa mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang webpage ng Maskara sa COVID-19 ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County sa http://ph.lacounty.gov/masks**.** Ang maskara sa mukha ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang maskara sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang drape na akma (form-fitting) sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga isang daanang balbula (one-way valve) ay hindi dapat gamitin.

---

[1] Ang mga tao ay itinuturing na ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis (hal., Pfizer-BioNTech o Moderna), o dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang isahang dosis na bakuna (hal., Johnson and Johnson [J&J]/Janssen).

- ☐ Ang lahat ng mga empleyado ay dapat na magsuot ng mga maskara sa mukha sa lahat ng oras maliban kapag nagtatrabaho mag-isa sa mga pribadong opisina na may saradong pinto o kapag kumakain o umiinom. Ang eksepsyon na ginawa noong nakaraan para sa mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko na may solidong partisyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado habang nakatayo ay napawalang halaga hanggang sa karagdagang abiso.
- ☐ Para matiyak na ang mga maskara (masks) ay isinusuot ng tuloy-tuloy at tama, ang mga empleyado ay pinagbabawalan na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (breaks) kapag nagagawa na nilang tanggalin ng ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao. Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, dapat na magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa ibang mga tao. Kung maaari kapag kumakain o umiinom, mas mainam na gawin ito sa labas at malayo sa ibang mga tao. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (break room) kung ang pagkain sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay nagkakaloob ng higit na distansya mula sa ibang mga tao at mga harang sa pagitan ng mga manggagawa. Ang transmisyon ng COVID-19 ay mas malamang na mangyari kapag ang mga empleyado ay magkakasama ng hindi nagsusuot ng mga maskara sa mukha.
- ☐ Ang pag-okupa ay binawasan at ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado ay sinasagad (maximized) sa anumang silid o lugar na ginamit ng mga empleyado para sa kainan at/o panandaliang pagpapahinga (pag-break). Ito ay nakamit na sa pamamagitan ng:
  - Pagpapaskil ng pinakamaraming pag-okupa (maximum occupancy) na hindi pabago-bago na may pagpapagana sa hindi bababa sa 6 na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit para sa pag-break;
  - Halinhinan sa pagpapahinga o oras ng pagkain para bawasan ang pag-okupa sa mga silid o lugar na ginagamit para sa kainan at pagpapahinga; at
  - Paglalagay ng mga mesa na hindi bababa sa 8 talampakan ang layo at pagtitiyak ng 6 na talampakan sa pagitan ng mga upuan, pagtanggal o pagteteyp ng mga upuan para bawasan ang pag-okupa, paglalagay ng mga marka sa mga sahig para tiyakin ang pagdistansya, at pagsasaayos sa pagkakaupo sa paraan na binabawasan ang harapang kontak. Ang paggamit ng mga partisyon ay hinihikayat para lalong mapigilan ang pagkalat ngunit hindi dapat ituring na isang pamalit para sa pagbawas ng pag-okupa at pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya.
- ☐ Ang mga empleyado ay inatasan na labhan o palitan araw-araw ang kanilang mga maskara sa mukha.
- ☐ Ang mga employer ay dapat na isaalang-alang ang patapon (disposable) na guwantes na maaaring maging kapaki-pakinabang para suplementuhan ang madalas na paghuhugas ng kamay o paggamit ng hand sanitizer; ang mga halimbawa ay para sa mga empleyado na sinusuri ang ibang tao para sa mga sintomas o paghahawak ng mga karaniwang bagay na hinahawakan, tulad ng mga shopping cart, mga hand basket, at mga bagay na isasalansan.
- ☐ Ang lahat ng puwesto ng trabaho ay dapat na may agwat ng hindi bababa sa 6 na talampakan.
- ☐ Ang mga lugar ng pagbabahagi (distribution area) (para sa pagkuha sa tabing bangketa [curbside pickup]), lugar ng panandaliang pamamahinga (break rooms), banyo, at iba pang mga karaniwang lugar ay dinidisimpekta sa inilarawan sa ibaba, ngunit hindi bababa sa isang beses kada araw, ayon sa sumusunod na iskedyul:
  - Lugar ng pagbabahagi ________________________________________
  - Lugar ng panandaliang pamamahinga ______________________________
  - Banyo __________________________________________________
  - Iba pa __________________________________________________
- ☐ Ang mga pandisimpekta at iba pang kaugnay na gamit ay magagamit ng mga empleyado sa mga sumusunod na (mga) lokasyon:

  ________________________________________________________
- ☐ Ang mga hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng empleyado sa

Retirado - Wala ng Epekto

mga sumusunod na (mga) lokasyon:

______________________________________________________________________________

- ❑ Ang mga empleyado ay pinapayagan na magkaroon ng madalas na pagtigil sa trabaho para makapaghugas ng kamay.
- ❑ Ang kopya ng protokol na ito ay naipamahagi sa bawat empleyado.
- ❑ Hangga't maaari, ang bawat manggagawa ay binigyan ng kanilang sariling mga kasangkapan, kagamitan at tinukoy na puwesto ng trabaho. Ang pagsasalo ng mga gamit ay nabawasan o inalis na.
- ❑ Ang mga manggagawa ay binibigyan ng oras sa kanilang mga trabaho upang tuparin ang mga gawain sa paglilinis. Ang mga pagtatalaga sa paglilinis ay dapat na italaga sa mga oras ng trabaho bilang bahagi ng mga tungkulin sa trabaho ng empleyado.
- ❑ Lahat ng patakaran na nakasaad sa listahan na ito maliban sa may kaugnayan sa pagtatakda sa pagtatrabaho ay ipinatutupad sa mga kawani na naghahatid (delivery) at iba pang kompanya na maaaring nasa lugar bilang mga ikatlong partido (third parties).
- ❑ Opsyonal — Isalarawan ang iba pang hakbang:

______________________________________________________________________________

Retirado - Walang Epekto

## B. MGA HAKBANG UPANG MATIYAK ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA

- ❑ Ang bilang ng mga tao sa isang tindahan ng pagkaing tingi ay sapat na mababa, ngunit sa walang kaso ay higit sa 75% ng pinakamaraming pag-okupa, para matiyak ang pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa 6 na talampakang distansya sa pagitan ng mga empleyado at mga kostumer mula sa mga hindi miyembro ng parehong sambahayan.
- ❑ Pinakamaraming (maximum) bilang ng mga kostumer sa pasilidad ay limitado sa: _________________
- ❑ Ang lahat ng pamilihan ng tinging pagkain ay dapat na bilangin ng mahigpit at tuloy-tuloy ang lahat ng mga pagpasok at paglabas upang masubaybayan ang pag-okupa para tiyakin na ang establisyemento ay sumusunod sa kanyang mga limitasyon sa kapasidad. Ang mga magtitingi (retailers) na hindi sapat na nagbibilang o tila sobra sa kapasidad, sa mabuting pagpapasya ng inspektor ng pampublikong kalusugan ay maaaring pansamantalang isara hanggang ang mga isyung ito ay naitama tulad ng tinukoy ng inspektor ng pampublikong kalusugan sa mismong lugar (on-site). Saan man maaari, magkaloob ng isang solo, malinaw na dinisenyong pasukan at mga hiwalay na labasan para tumulong panatilihin ang pisikal na pagdistansya.
- ❑ Maghanda na papilahin ang mga kostumer sa labas habang pinananatili ang pisikal na distansya, kabilang ang paggamit ng mga nakikitang palatandaan. Kung kinakailangan, ang isang empleyado (o mga empleyado kung may higit sa isang pasukan) na may suot na naaangkop na maskara sa mukha ay maaaring magbantay malapit sa pintuan ngunit hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa pinakamalapit na mga kostumer para masubaybayan ang pag-okupa at direktahan ang mga kostumer na pumila na may 6 na talampakang layo sa isa't isa sa labas ng pasukan kung ang establisyemento ay naabot na ang kanyang limitasyon sa pag-okupa.
- ❑ Ipinatutupad ang mga hakbang para masiguro ang pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa 6 na talampakan sa pagitan ng mga empleyado at kostumer. Maaaring kasama rito ang paggamit ng pisikal na panghiwalay o mga nakikitang palatandaan (hal., mga marka sa sahig, de-kulay na teyp [colored tape], o mga palatandaan na nagpapahiwatig kung saan dapat tumayo ang mga manggagawa at/o mga kostumer).
- ❑ Gumawa na ng mga hakbang sa mga estasyon ng bayaran (check-out stations) para pababain ang pagkalantad sa pagitan ng mga kahera at kostumer, tulad ng mga harang na Plexiglass. Ang mga harang ay dapat na hindi bababa sa 6 na talampakan ang taas kapag sinukat mula sa sahig. Ang mga sign o palatandaan ay ipinaskil malapit sa mga pasukan, mga daanan at bayaran para ipaalala sa mga kostumer ang pisikal na pagdistansya.
- ❑ Ang teyp o iba pang mga marka ay kinikilala ang parehong lugar ng pagsisimula para sa mga kostumer na

pumapasok sa pila ng bayaran at 6 na talampakang agwat para sa mga susunod na kostumer na papasok sa pila.

- ❑ Ang mga empleyado ay inatasan na magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa mga kostumer, at mula sa isa't isa sa lahat ng mga lugar ng tindahan. Maaaring saglit na lumapit ang mga empleyado kapag kailangan para tumanggap ng bayad, magdeliber ng mga paninda o serbisyo, o kung kinakailangan.
- ❑ Ang mga banyo na inatas para sa pampublikong paggamit ay nananatiling naaakses sa publiko.
- ❑ Ang mga puwesto sa trabaho ay nakahiwalay ng hindi bababa sa 6 na talampakan at ang mga pangkaraniwang lugar ay isinaayos para limitahan ang pagtitipon ng mga manggagawa at masigurado ang pisikal na pagdidistansiya ng hindi bababa sa 6 na talampakan.
- ❑ Ang mga lugar ng panandaliang pamamahinga at iba pang mga lugar na karaniwang may tao ay binago upang limitahan ang mga pagtitipon ng empleyado para masiguro ang pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa 6 na talampakan. Kung saan maaari, ang panlabas na mga lugar para sa pag-break na may lilim at upuan ay nilikha para tulungang masiguro ang pisikal na pagdistansya. Bilang pagsunod sa mga regulasyon sa pasuweldo at oras, ang mga pag-break sa trabaho ng empleyado ay salitan upang makatulong na mapanatili ang mga protokol sa pisikal na pagdistansya
- ❑ Ang mga iniuutos sa pisikal na pagdistansya ay ipinatutupad sa mga lugar ng pagkakarga (loading bays) at ang mga walang kontak na pagpirma ay ipinatutupad na para sa mga paghahatid.
- ❑ Ang mga drayber ng truck na hindi empleyado, mga ahente sa paghahatid, o mga nagtitinda na kailangang pumasok sa mga retail locations ay dapat na magsuot ng naaangkop na mga maskara sa mukha.

## C. MGA HAKBANG UPANG MATIYAK ANG PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- ❑ Ang HVAC system ay nasa mabuti, gumaganang ayos; hanggang sa maaaring pinakamalayong saklaw, ang bentilasyon ay nadagdagan. Ang epektibong bentilasyon ay isa sa mga pinakamahalagang paraan para kontrolin ang maliit na transmisyong aerosol. Hangga't maaari isaalang-alang ang pagkakabit ng napakahusay (portable high-efficiency) na mga naglilinis ng hangin, pagtaas sa mga uri ng filter ng hangin ng gusali sa pinakamahusay (highest efficiency), at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang hangin mula sa labas at bentilasyon sa mga opisina at iba pang mga espasyo.
  - o Tingnan ang Pansamantalang Patnubay para sa Bentilasyon, Pagsasala at Kalidad ng Hangin sa mga Panloob na Kapaligiran ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health Interim Guidance for Ventilation, Filtration and Air Quality in Indoor Environments) para sa detalyadong impormasyon.
  - o Mangyaring Tandaan: Ang bentilasyon at iba pang panloob na mga pagpapabuti sa kalidad ng hangin (air quality) ay isang karagdagan sa, at hindi pamalit para sa, mga inuutos na proteksyon kabilang ang pagsusuot ng mga pantakip sa mukha (maliban sa mga tiyak na kapaligiran na may mataas na panganib na nangangailangan ng paggamit ng wastong proteksyon sa palahingahan), pagpapanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansya sa pagitan ng mga tao, madalas na paghuhugas ng mga kamay, at paglilimita sa mga aktibidad na pinagsasama-sama ang mga tao na mula sa magkakaibang sambahayan.
- ❑ Ang mga pagsusuri sa sintomas ay isinasagawa bago ang mga bisita ay maaaring makapasok sa pasilidad, na sumusunod sa Gabay ng Pagsusuri sa Pasukan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng karatula na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na

Retirado - Wala ng Epekto

ang mga bisita na may mga sintomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar.

- Negatibong Pagsusuri (Na-clear). Kung ang tao ay walang (mga) sintomas at walang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw, maaari silang payagang pumasok para sa araw na iyon.
- Positibong Pagsusuri (Hindi Na-clear):
  - Kung ang tao ay nagkaroon ng isang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pag-quarantine, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para mag-quarantine sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pag-quarantine na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidquarantine.
  - Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anuman sa mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para magbukod sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidisolation.

- ❑ Ang mga bisita na dumarating sa establisyemento ay pinaaalalahanan na magsuot ng maskara sa mukha sa lahat ng oras habang nasa establisyemento o sa nasasakupang lupa ng establisyemento. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga matatanda at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay na hindi sila dapat magsuot ng isang maskara sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga sa mukha na may maluwag na tela sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga isang paraan ng balbula ay hindi dapat gamitin. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang maskara sa mukha ay dapat na may magagamit ang mga bisita na dumarating na wala nito.
- ❑ Ang mga kostumer na dumarating sa establisyemento na may mga batang kasama ay dapat na siguruhin na ang kanilang mga anak ay nasa tabi ng magulang, umiiwas sa paghawak sa sinumang tao o anumang bagay na hindi nila pag-aari, at naka-maskara kung tama na ang edad.
- ❑ Ang mga sistema ng pagbabayad na walang kontak ay naisaayos na, at kung hindi magagawa, ang mga sistema ng pagabayad ay sina-sanitize ng isang beses kada araw. Ilarawan:

_______________________________________________

- ❑ Ang mga pangkaraniwang lugar at mga bagay na madalas na mahawakan sa lugar ng pagkuha at pagbayad ng mga kostumer (hal., mga mesa, mga doorknob o hawakan, credit card readers) ay dini-disimpekta nang hindi bababa sa isang beses kada araw habang oras ng negosyo gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA.
- ❑ Dagdagan ang paglilinis at pagdisimpekta sa mga ibabaw na nasa mga lugar na maraming tao o mga ibabaw na nalantad sa mga indibidwal na walang suot na maskara.
- ❑ Ang mga puwesto ng trabaho at ang kabuuan ng pasilidad ay nililinisan araw-araw, at ang mga banyo at mga bagay o lugar na madalas na mahawakan ay nililinis ng mas madalas kung tinukoy na kailangan.
- ❑ Ang mga oras ng pamilihan ng tingi ay binago na upang magkaloob ng sapat na panahon para sa araw-araw na paglilinis at pag-lalagay ng produkto. Yugtong pag-lalagay ng sa gayon ang mga empleyado ay nasa magkakaibang pasilyo.
- ❑ Kung saan maaari, hikayatin ang paggamit ng mga debit o credit card ng mga kostumer.
- ❑ Ang mga kostumer na dumarating sa lugar na may mga batang kasama ay dapat na siguruhin na ang kanilang mga anak ay nasa tabi ng magulang, umiiwas sa paghawak sa sinumang tao o anumang bagay na hindi nila pag-aari, at nakatakip ang mukha kung tama na ang edad.
- ❑ Ang mga lugar na nagtitinda ng mga pagkain na handa ng kainin (ready-to-eat foods) ay may mga

Retirado - Wala ng Epekto

palatandaang nakapaskil na nag-uutos sa mga kostumer na ang pagkain at mga inumin ay hindi maaaring konsumuhin sa loob ng tindahan maliban sa mga itinalagang lugar ng kainan, kung naaangkop.

- ❑ Ang mga in-store bars, soda fountains, mga bagay ng pagkain na self-service, mga pagpipilian ng bulk-bin at pag-sampling ng produkto ay itinigil na.
- ❑ Kung saan maaari, ang mga aparatong hindi hinahawakan, kabilang ang mga motion sensor na ilaw, walang kontak na sistema sa pagbabayad, awtomatikong dispenser ng sabon at tuwalyang papel at mga sistema ng timecard ay naikabit na.
- ❑ Ang mga hand sanitizers at basurahan ay dapat na magamit ng publiko sa pasukan o malapit sa pasukan ng pasilidad.
- ❑ Magkaloob ng pamamaraan na i-sanitize ang mga hawakan ng shopping cart at hand basket – alinman sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga panlinis na pamunas katabi ng lugar ng imbakan para sa mga shopping cart at basket o sa pamamagitan ng pagkakaroon ng isang empleyado na namamahala sa proseso sa pagitan ng paggamit ng kostumer.
- ❑ Pagbawalan ang paggamit ng mga paulit-ulit na ginagamit na baso ng kostumer sa pagpupuno ng mga inumin.
- ❑ Opsyonal — Isalarawan ang iba pang hakbang (hal. Pagbibigay ng oras para sa mga nakatatandang mamamayan, pagbibigay insentibo sa mga benta sa panahong matumal):

---

## D. MGA HAKBANG SA PAKIKIPAG-USAP SA PUBLIKO

- ❑ Ang isang kopya ng protokol na ito o ang nailimbag na Sertipiko ng pasilidad sa Pagsunod sa Kaligtasan sa COVID-19 (COVID-19 Safety Compliance Certificate) ng LA County ay nakapaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad. Para sa higit pang impormasyon o para kumpletuhin ang programa sa pagpapatunay ng sarili (self-certification) para sa pagsunod sa kaligtasan sa COVID-19, bisitahin ang http://publichealth.lacounty.gov/eh/covid19cert.htm. Ang mga pasilidad ay dapat na magtabi ng isang kopya ng mga Protokol sa mismong lugar sa pasilidad para sa pagsisyasat, sa oras na hilingin.
- ❑ May karatula sa pasukan at/o kung saan ang mga kustomer ay nakapila para maipaalam sa kanila ang mga pagpipilian at pakinabang ng paunang-order (preordering) at paunang bayad (prepayment).
- ❑ May karatula ay nakapaskil na pinaaalalahanan ang mga kostumer na magpanatili ng panlipunang pagdistansya na 6 na talampakan, magsuot ng maskara sa mukha sa lahat ng oras, maghugas ng mga kamay o gumamit ng sanitizer sa pagpasok, manatili sa bahay kung sila ay may sakit o may mga sintomas na tumutukoy sa COVID-19, at ipabatid ang mga pagbabago sa mga inaalok na serbisyo. Dapat na magpaskil ng karatula sa mga malinaw na nakikitang lokasyon, kabilang ang mga pictogram, at gawing digital na magagamit (hal., sa pamamagitan ng email). Tingnan ang webpage sa Patnubay sa COVID-19 ng County DPH para sa mga karagdagang mapagkukunan at mga halimbawa ng karatula na maaaring gamitin ng mga negosyo.
- ❑ Nakapaskil na karatula na pinaaalalahanan ang mga kostumer na walang kainan o inuman sa loob ng pamilihan ng tingiang pagkain maliban sa mga itinalagang lugar ng kainan, kung naaangkop.
- ❑ Ang mga online outlets ng establisiyemento (website, sosyal [social] media, atbp.) ay nagbibigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa oras ng tindahan, ang kailangang paggamit ng mga maskara sa mukha, mga patakaran tungkol sa preordering, paunang bayad, pagkuha at/o paghahatid at iba pang kaugnay na usapin.

Retirado - Wala ng Epekto

## E. MGA HAKBANG UPANG MATIYAK ANG PANTAY-PANTAY NA PAGKAKATAON SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- ❑ Mga dedikadong oras sa pamimili ay pinasimulan para sa mga mahihinang populasyon, kabilang ang mga nakatatanda at mga taong may kapansanan sa medikal na naitaguyod, kung naaangkop, mas mainam sa oras pagkatapos ng kumpletong paglilinis.
- ❑ Ang mga serbisyo na kritikal para sa mga kustomer o kliyente ay binigyang prayoridad.
- ❑ Ang mga transaksyon o serbisyo na maaaring i-alok ng malayuan ay inilipat sa online.
- ❑ Pinasimulan ang mga hakbang para masigurado ang akses sa mga pangangailangan o serbisyo para sa mga kustomer na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib kung nasa pampublikong lugar.

**Ang anumang karagdagang hakbang na hindi nabanggit sa listahan sa itaas ay dapat na ilista sa mga hiwalay na pahina, na dapat itong ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.**

**Maaari kayong makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:**

| | |
|---|---|
| **Pangalan ng Kontak ng Negosyo:** | ______________________________ |
| **Numero ng telepono:** | ______________________________ |
| **Petsa na Huling Nirebisa:** | ______________________________ |

Retirado - Wala ng Epekto